# Ang Pagmumulta sa mga Nagbibisekletang Hindi Sumusunod sa Batas

タガログ語

**Ipapatupad na mula Abril 1, 2026**

- Ang hindi pagsunod sa tamang paggamit ng bisekleta ay paglabag sa batas trapiko
- Kung ikaw ay lumabag sa batas trapiko, kailangan mong magbayad ng multa
- Ang pagbabayad ng multa ay para sa mga indibidwal mula 16 na gulang pataas



## Mga Uri ng Paglabag sa Batas Pantrapiko

※ Sa kabuuan, mayroong 113 klase ng bayolasyon sa batas pantrapiko na sangkot ang bisekleta. May iba pang mga bayolasyon, maliban sa mga nakasulat dito.

※ Kung may mga katanungan o klaripikasyon, pumunta lamang sa pinakamalapit na istasyon na pulis

① 

Bawal ang paggamit ng telepono habang nag - bibisekleta

Multa ￥12,000

② 

Kung nasa malapit sa riles ng tren, kailangang tumigil at tingnang maaigi ang kaligtasan ng paligid. Ang hindi pagsunod nito ay isang bayolasyon

Multa ￥6,000

③ 

Maari lamang tumawid sa kalsada kung ang ilaw ay kulay berde. Ang hindi pagsunod sa stop light ay isang bayolasyon

Multa ￥6,000

④ 

Bawal ang pagbibisekleta sa kanang bahagi ng kalsada

Multa ￥6,000

⑤ 


Kung may sinyales na『止まれ』sa kalsadang dadaanan, tumigil at tingnan ang kaligtasan ng paligid. Ang hindi pag-gawa nito ay isang bayolasyon




Multa ￥5,000

⑥ 

Habang nagbibisekleta, bawal ang pagsusuot ng earphone, pakikinig ng musika at iba pang nakakahadlang para marinig ang mga tunog sa paligid.

Multa ￥5,000

⑦ 

Ang pagbibisekleta habang nakapayong ay isang bayolasyon

Multa ￥5,000

⑧ 

Ang pagkarga ng malalaking bagay sa bisekleta ay isang bayolasyon

Multa ￥5,000

⑨ 

Bawal magbisekleta ng walang ilaw sa gabi

Multa ￥5,000

⑩ 

Isang bayolasyon ang pagbibisekleta ng magkatabi sa daan

Multa ￥3,000

⑪ 

Bawal mag-ankas o umangkas sa bisekleta

Multa ￥3,000

Kung may child seat ang bisekleta, maaring mag- angkas ng bata na hanggang 6 na taong gulang ngunit ang hahawak ng bisekleta ay dapat 16 na tong gulang pataas.

Maaring mag-angkas ng hanggang dalwang bata.





⑫ 

Bawal magbisekleta sa sidewalk

Multa ￥6,000

Sa mga sumusunod na kondisyon (1〜3) lamang maaring magbisekleta sa side walk

1. Kung may sinyales na nagsasabing maaring dumaan sa side walk ang bisekleta
2. Kung ang bata ay 12 taong gulang pababa, 70 taong gulang pataas o indibidwal na may kapansanan sa katawan
3. Sa oras na maraming dumadaan sa sasakyan sa kalsada at kung masikip ang kalsada

Sinyales



- Kung mahuhuli, magbibigay ang pulis ng Traffic Violation Ticket, isang asul na papel kung saan nakasulat ang bayolasyong nagawa at payment slip (Ito ay gagamitin sa pagbabayad ng multa)
- Kinakailangang bayaran ang multa hanggang sa nakatakdang araw. Dalhin ang payment slip at magbayad sa banko o post office
- Kung hindi nakapagbayad sa takdang araw, posibleng ikaw ay makorte.




Traffic Violation Ticket



Payment Slip

自転車（じてんしゃ）も ルール（るーる）を守（まも）って 安全（あんぜん）に！



岐阜県警察（ぎふけんけいさつ）

岐阜県警察公式（ぎふけんけいさつこうしき） Facebook
https://www.facebook.com/GifuPrefecturalPolice